

## Pahayag ng Johnson & Johnson sa Paglilitis ng Subcommittee sa Pagsubok ng Talc

Disyembre 10, 2019

Nauunawaan namin na maaaring may mga katanungan ang mga konsumer tungkol sa talc, at nais naming ibahagi ang mga katotohanan tungkol sa suliraning ito. Sa kasamaang-palad, ang may kinikilingang ayos ng paglilitis ngayon ay hindi maulinigan mula sa kung ano na ang naipahayag ng mga nagsasakdal na mambabatas sa patuloy pa rin na paghabla.

Umasa kaming makakaambag kami sa isang balanse at makahulugan na talakayan tungkol sa ganitong napaka-espesyal na paksa, ngunit pagkatapos ng patuloy na pakikipagtalakayan sa Subcommittee, tinanggihan nito ang pakikinig mula sa aming mga teknikal na eksperto na may maraming kurso sa heolohiya at may ilang dekadang karanasan sa pagsubok ng asbestos. Tumanggi rin itong makinig mula sa chairwoman ng aming grupo sa kumpanya na responsable para sa negosyong North American Consumer Health. Paulit-ulit naming inabisuhan ang Subcommittee na hindi eksperto ang aming CEO sa paksa ng paglilitis, at magalang naming tinanggihan ang anyayang tumestigo ang aming CEO. Ang aming liham sa Subcommittee noong Disyembre 2, 2019 na nagdedetalye sa aming posisyon ay maaaring ma-access [dito](#). Nananatili kaming tapat sa patuloy na pakikipagtulungan sa Subcommittee sa usaping ito.

Sa kabila ng mga alalahaning ipinahayag namin sa Subcommittee tungkol sa ayos ng pagdinig, nagpatawag ito ng tatlong binayarang eksperto ng nagsasakdal na tumestigo laban sa kumpanya sa nagpapatuloy na paglilitis, na ang dalawa ay tumanggap ng milyun-milyong dolyar sa kapasidad na ito. Bukod dito, parehong pinalitan nila Dr. Longo at Moline ang kanilang mga opinyon kaugnay sa talc pagkatapos nilang mabayaran upang tumestigo laban sa Johnson & Johnson. Nang nasangkot si Dr. Longo sa naunang paglilitis laban sa ibang kumpanya, sinabi niyang walang laman na asbestos ang kosmetikong talc. Dati, sinabi ni Dr. Moline na walang laman na asbestos ang talc mula sa mga deposito na ginagamit ng Johnson & Johnson.

Pinapanindigan namin ang kalidad at kaligtasan ng aming mga produktong batay sa talc. Ligtas ang Johnson's Baby Powder, wala itong asbestos at hindi ito nagdudulot ng kanser, gaya ng ipinapakita sa mahigit 40 taon ng siyentipikong ebidensya. Noon lamang huling linggo, inilabas namin [sa publiko](#) ang 155 na mga resulta ng pagsubok mula sa ikatlong partido na nagpapakita na walang asbestos ang aming talc. Higit pang impormasyon ang makikita sa [FactsAboutTalc.com](#).

###